Mensahe Anim

## Pagsulong kasama ang Panginoon mula sa Tabernakulong Buhay-Ekklesia tungo sa Templong Buhay-Ekklesia para sa Pagtatayo ng Katawan ni Kristo bilang ang Templo ng Buháy na Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 12:3-4, 42; Juan 14:21, 23; Roma 8:28-29; Aw. 27:4; 36:8-9; 43:4; 84:4-5

**I. Ang Panginoon sa loob natin ay naghahangad na sumulong mula sa tabernakulong buhay-ekklesia sa ilang ng kaluluwa tungo sa templong buhay-ekklesia kasama si Kristo, ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu, bilang ang realidad ng mabuting lupain sa ating espiritu—Heb. 6:1a; Jos. 3:14-17; Deut. 8:8; Efe. 2:21-22; Col. 1:12; 2:6-7.**

**II. Ang tabernakulo at ang templo ay sumasagisag sa dalawang aspekto ng ekklesia:**

A. Ipinapakita ng 1 Hari 8:1-11 na ang tabernakulo ay isinama sa templo; ang tabernakulo ay isang nabubuhat na panimula na kumikilos sa ilang, samantalang ang templo ay ang kasukdulan ng pagtatayo ng Diyos sa tipolohiya.

B. Ang templo bilang ang pagpapalaki ng tabernakulo ay sumasagisag sa pagpapalakas at pagpapatatag ng ekklesia, at ang pagpapabago at pagpapalaki ng kasangkapan sa templo ay sumasagisag sa pagpapabago at pagpapalaki ng karanasan kay Kristo ng mga banal; ang mga sukat ng templo at ng Dakong Kabanal-banalan sa templo ay doble ng sa tabernakulo; higit pa rito, maliban sa Kaban, ang sukat at bilang ng mga muwebles at ng mga kagamitan ay lubhang napalaki para sa Kanyang pinalaking kahayagan—6:2, 20; 2 Cron. 4:1-8; cf. Exo. 26:3, 16, 18, 22-24, 33.

C. Ang tabernakulo ay sumasagisag sa ekklesia ng Diyos sa lupa, o sa Kanyang ekklesia sa mga lokalidad, samantalang ang templo ay sumasagisag sa ekklesia bilang ang realidad ng Katawan ni Kristo; ang mga ekklesia-lokal ay mga mahalagang pamamaraan upang dalhin tayo tungo sa realidad ng Katawan bilang ang maluwalhating gol ng ekonomiya ng Diyos—Efe. 1:22-23; cf. Apoc. 21:10-11.

D. Ang namumukod-tanging ministeryo ay para sa namumukod-tanging patotoo ng Diyos, at ang namumukod-tanging patotoo ng Diyos, ang realidad ng Katawan ni Kristo, ay naisasarealidad sa mga ekklesia-lokal—Exo. 25:22; 38:21; Apoc. 1:2, 9; cf. Efe. 4:4; Juan 16:13.

E. Ang Katawan na inilarawan sa 1 Corinto 12 ay ang patotoo na dapat taglayin ng isang ekklesia-lokal; ito ang patotoo ng Katawan; ang ekklesia-lokal ngayon ay dapat maging isang patotoo na naghahayag ng realidad ng Katawan ni Kristo—bb. 14-18, 20.

F. Ang ekklesia ay umiiral para sa patotoo ng kaisahan; kapag tinutukoy natin ang "ekklesia-lokal," ang ating binibigyang-diin ay ang ekklesia at hindi ang "pagiging lokal"; ang buhay na tinataglay ng mga ekklesia ay isang buhay ng kaisahan—Juan 17:11, 21, 23; Apoc. 1:10-12.

G. Ang patotoo ng realidad ng Katawan ni Kristo ay ang huling pagbabawi ng Diyos—ang pagbabawi ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos taglay si Kristo bilang lahat-lahat sa atin, taglay ang kaisahan ng Katawan ni Kristo, at ang lahat ng sangkap ng Kanyang Katawan ay nagpapangsyon—1 Tim. 1:3-6; 6:3-5; Heb. 13:9; Efe. 1:17; 3:2, 8-11, 16-21; 4:1-6, 16.

**III. Ang Ebanghelyo ni Juan ay ang ebanghelyo ni Kristo bilang buhay para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang templo ng buháy na Diyos; ang pagtatayong gawaing ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng ating karanasan at pagtatamasa sa naipako at nabuhay na muling Kristo bilang ang puno ng buhay—Apoc. 2:4-7; 1 Ped. 2:24; Juan 11:25; 6:57, 63; 2 Cor. 6:16:**

A. Ang prinsipyo ng buhay ay ang palitan ang kamatayan ng buhay (Juan 2:1-11), at ang layunin ng buhay ay ang itayo ang ekklesia bilang ang bahay ng Diyos, ang templo ng Diyos (bb. 12-22); kaya, idineklara ng Panginoon, "Wasakin ninyo ang templong ito, at sa loob ng tatlong araw ay ibabangon Ko ito" (b. 19).

B. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, ang pagkawasak sa Kanyang pisikal na katawan sa krus, pinasan Niya ang ating mga pagsalangsang at mga kasalanan upang tubusin at ariing matuwid tayo, at ang Kanyang kamatayan ay para sa pagpapagaling ng ating mga karamdaman—Isa. 53:4-6; Roma 3:23-26; 1 Ped. 2:24.

C. Ang pagkawasak ng pisikal na katawan ng Panginoon ay ang pagkawasak din ng diyablo, na may kapangyarihan ng kamatayan; nang Siya ay namatay sa krus, ang lumang paglikha, ang lumang tao,

ang laman, si Satanas, ang kasalanan, ang mga kasalanan, at ang sanlibutan ay naipako sa krus; kaya, sa mga mata ng Diyos, pagkatapos ng pagkapako ni Kristo, ang buong sansinukob ay nalinis—Heb. 2:14; Roma 6:6; Gal. 2:20; 5:24; Juan 1:29; 3:14; 6:70-71; 12:31; Mat. 16:23; 1 Cor. 15:3.

D. Ang pagkawasak ng pisikal na katawan ng Panginoon at ang Kanyang pagiging naibangon sa ikatlong araw ay ang Kanyang pagkamatay din bilang isang butil ng trigo at pagkabuhay na muli upang palayain at ipamahagi ang dibinong buhay ng Diyos bilang ang dibinong apoy ng Diyos tungo sa Kanyang maraming mananampalataya upang gawin ang Kanyang maraming mananampalataya na pagpaparami ng Diyos—Juan 12:24; Luc. 12:49-51.

E. Sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo, ang Kanyang pisikal na katawan ay napalaki upang maging Kanyang sama-sama at mistikong Katawan, na siyang pansansinukob na templo ng Diyos, ang ekklesia bilang ang bahay ng buháy na Diyos—1 Cor. 3:16-17; 1 Tim. 3:15; 1 Ped. 2:5; Efe. 2:21-22.

F. Ang maraming tirahan ay ang maraming sangkap ng Katawan ni Kristo, na siyang templo ng Diyos—Juan 14:2, 23; Roma 12:5; 1 Cor. 3:16-17.

G. Bilang ang maraming butil na ibinunga ng nagpapalaya ng buhay na kamatayan ni Kristo at ang maraming tirahan ng mistikong Katawan ni Kristo na ibinunga ng namamahagi ng buhay na pagkabuhay na muli ni Kristo, dapat tayong maging mga umiibig sa Kanya sa sukdulan sa ating pamumuhay ng isang naipakong buhay para sa pagpapakita ng nabuhay na muling buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kayamanan sa ating mga sisidlang lupa—Juan 14:21, 23; Roma 8:28-29; 2 Cor. 4:7-18; 12:7-9.

**IV. Sina David at Solomon ay sumasagisag kay Kristo sa dalawang aspekto para sa pagtatayo ng Diyos:**

A. Si David ay sumasagisag kay Kristo mula sa Kanyang pagkakatawang tao kalakip ang Kanyang Diyos-taong pamumuhay at mga pagdurusa hanggang sa Kanyang kamatayan (mula sa sabsaban hanggang sa krus)—Mat. 12:3-4; 22:41-46.

B. Si Solomon ay sumasagisag kay Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli sa kaluwalhatian bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay sa loob natin (kasama ang Kanyang pagkakaluklok at ang Kanyang ikalawang pagdating upang mamuno sa Kanyang kaharian sa lupa) na nagsasalita ng salita ng karunungan ng Diyos upang itayo ang ekklesia bilang ang templo ng Diyos—12:42; 2 Cron. 1:10; 1 Cor. 1:24, 30; 12:8.

C. Ang Diyos ay "nagpatotoo at nagsabi, Nasumpungan Ko si David, ang anak ni Jesse, isang lalaking ayon sa Aking puso, na gagawin ang lahat ng Aking kalooban" (Gawa 13:22); pinaglingkuran ni David "ang sarili niyang henerasyon sa pamamagitan ng payo ng Diyos" (b. 36); siya ay isang lalaking ayon sa puso ng Diyos (1 Sam. 13:14) sapagkat, gaya ng pinatotohanan ni Solomon, "Nasa puso ni David na aking ama ang magtayo ng isang bahay para sa pangalan [ni Jehovah], ang Diyos ng Israel." (1 Hari 8:17-20; cf. Efe. 1:5, 9; 1 Cor. 12:27−tingnan ang talababa 2 sa b. 13).

D. Si David ay nagdusa mula sa kanyang pagkabata, subalit sa pamamagitan ng kanyang pagdurusa ay kanyang inihanda ang mga materyales, tinamo ang wastong batayan para sa pagtatayo ng templo, at inihanda si Solomon, ang tagapagtayo, at ang lahat ng mga katulong—1 Cron. 21:18-30; 2 Cron. 3:1; 1 Cron. 28:9-11, 20-21.

E. Ang paghahanda ni David ng saganang mga materyales para sa pagtatayo ng templo ng Diyos ay sumasagisag sa pagtutustos ni Kristo ng Kanyang di-malirip na kayamanan para sa pagtatayo ng ekklesia ng Diyos —18:7-11; 22:2-5, 14-16a; 28:2; 29:2-9; cf. Efe. 3:8-10.

F. Ang paghahanda ni David sa kanyang paghihirap (1 Cron. 22:1, 14), sa kanyang mga pagsubok, at sa tagumpay ng kanyang mga pakikipagbaka ay sumasagisag sa mayamang probisyon ni Kristo para sa pagtatayo ng ekklesia ng Diyos sa Kanyang mga pagsubok at sa Kanyang tagumpay sa Kanyang buhay ng pakikipagbaka laban kay Satanas kasama ang kanyang kapangyarihan ng kadiliman (Mat. 4:4, 7, 10).

G. Ang tularan ng templo na ibinigay kay David ay "ang lahat ng plano na nasa kanyang isipan [sa pamamagitan ng Espiritu]" (1 Cron. 28:12); "Lahat ng [ito, sabi ni David, ay] kanyang nilinaw sa pamamagitan ng sulat mula sa kamay [ni Jehovah]; ang lahat ng gagawin ay ayon sa plano." (b. 19; cf. 2 Cor. 3:3); ang templong itinayo ni Solomon ay ayon sa planong ito (1 Cron. 28:11).

H. Ang pagsasaayos ni David ng mga paglilingkod ng Israel sa Diyos kaugnay sa templo ng Diyos (6:31-48; kap. 23—26) ay sumasagisag sa pagsasaayos ng Espiritu sa mga paglilingkod sa ekklesia sa Bagong Tipan (1 Cor. 12:4-27) at sumasagisag na si Kristo bilang ang Ulo ng Katawan ay nagtalaga ng isang kaayusan sa Kanyang Katawan upang ingatan ng lahat ng Kanyang sangkap (b. 18; 14:40).

I. Ang bluprint ng ekklesia ay ang Espiritu ng pagkabuhay na muli—ang nagpapaloob ng lahat, nagbibigay-buhay, timplada, nananahanang Espiritu; kapag tayo ay namumuhay sa loob ng Espiritu ng pagkabuhay na muli sa ating espiritu, ang realidad ng pagtatayo ng templo ayon sa disenyo ni David (kasama ang lahat ng mga sangkap ng Diyos-taong pamumuhay, kamatayan, at pagkabuhay na muli ni Kristo) ay natutupad sa loob natin—Juan 2:19; Fil. 1:19; Efe. 1:17; 2:22; 3:5, 16; 4:23; 5:18; 6:18.

J. Ang pangalan ni Solomon ay nangangahulugang "kapayapaan," nangangahulugan na ang ekklesia ay itinatayo sa pamamagitan ni Kristo bilang "isang tao ng kapahingahan" sa kapayapaan, nang walang anumang ingay—1 Cron. 22:9; Gawa 9:31; Efe. 4:29-32:

1. Bawat piraso ng bato na ginamit para sa pagtatayo ng templo, sa prinsipyo, ay pinutol at tinuos na sa mga bundok; kaya, ang tunog ng martilyo, palakol, at kasangkapang bakal ay hindi narinig, at ang templo ay naitayo nang tahimik—1 Hari 5:15-18; 6:7.
2. Kung ang isang kapatid na hindi natuos ng Panginoon (na walang patid na nagsasalita, na hindi mabuting tagapakinig, at sa gayon ay may di-napababagong kaisipan) ay magiging isang matanda, ang ekklesia ay mapupuno ng ingay ng martilyo, palakol, at kasangkapang bakal; ang ilang "ingay" ay maaaring ilang banal na nag-aaway sa pamamagitan ng pananalangin na mapawalang-saysay ang panalangin ng isa pa—cf. Isa. 50:4-5; Efe. 4:23.
3. Sa ekklesia, kapag naririnig natin ang pamumuna, paghuhusga, pakikipagtalo, at pagsalungat ng iba, dapat tayong umurong tungo sa Dakong Kabanal-banalan, yaon ay, umatras at bumaling patungo sa ating espiritu; ang templo ay itinatayo sa katahimikan—Gal. 6:17-18; Isa. 30:15a.
4. Pagkatapos mapahinga ang Kaban, yaong mga itinalaga ni David sa paglilingkod ng pag-awit sa bahay ni Jehovah ay nagministeryo sa harap ng Tolda ng Pagpupulong na nag-aawitan hanggang sa maitayo ni Solomon ang bahay ni Jehovah sa Herusalem—1 Cron. 6:31-32.

K. Tayo "ay nananahan kasama ng Hari para sa Kanyang gawain," tinatamasa Siya bilang ang ipinako at nabuhay na muling Kristo upang itayo ang Kanyang sarili tungo sa atin para sa ating pagpapasakdal upang maging mga haligi sa ekklesia bilang bahay ng Diyos—*Mga Himno,* #904; 1 Cron. 4:23; 1 Hari 7:17, 21; Apoc. 3:12.

L. Sa pamamagitan ng pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang pagkabuhay na muling kapangyarihan at ang bumubuhay na muli at nagbibigay-buhay na Espiritu ng naprosesong Tres-unong Diyos (ang tunay at mas dakilang Solomon), tayo ay maaaring makilahok sa salamuha ng mga pagdurusa ni Kristo kalakip ang Kanyang Diyos-taong pamumuhay bilang isang tao ng panalangin upang maiwangis sa Kanyang kamatayan (bilang ang tunay at mas dakilang David) alang-alang sa Kanyang Katawan (ang tunay at mas dakilang templo)—Fil. 3:10; Roma 8:11; Mat. 12:3-4, 42; Juan 2:19-22; 2 Cor. 6:16.

**V. Ang mga kaisipan at mga pamamaraan ng Diyos upang itayo ang ekklesia bilang ang templo ng buháy na Diyos ay mas mataas kaysa sa atin; kailangan nating itakwil ang ating mga pamamaraan at ang ating mga kaisipan at bumalik kay Jehovah na ating Diyos upang kunin ang daan ng pagtatamasa sa Kanya sa ekklesia bilang ang templo ng buháy na Diyos—Gen. 2:9; Juan 6:35, 57, 63; Isa. 55:6-13; 57:20; Juan 1:14; 2:19; 3:34; 17:17; Efe. 5:26; 2 Cor. 3:15-18; 6:16; Roma 8:28-29; Apoc. 22:1-2:**

A. Bilang mga anak ng Diyos, kailangan nating baguhin ang ating konsepto at matanto na ang naisin ng Diyos ay ang ibigay ang Kanyang sarili sa atin para sa ating katamasahan—Aw. 36:8-9; 16:11; 19:8; 27:6; 42:4-5; 48:2; 63:7; 66:1-2; 81:1; 89:15-18; 95:1-2; 100:1-2; 126:1-6; Neh. 8:10; 1 Juan 1:3-4:

1. Ang pamumunga ay ang tamasahin ang Diyos—Juan 15:7-11.
2. Ang pananalangin ay ang tamasahin ang Diyos—Pan. 3:55-56; *Mga Himno,* #255.

3. Ang paghahain ng salita ay ang tamasahin ang Diyos—Juan 6:57, 63; 7:37-39; 1 Cor. 15:10; 2 Cor. 3:1-6, 18; 2:17; 13:3; Efe. 3:2; 1 Ped. 4:10-11; Jer. 15:16; Ezek. 3:1-4; Isa. 55:8-11.
4. Ang pagpapahayag ng ebanghelyo ay ang tamasahin ang Diyos—Juan 4:10, 13-14, 31-34.
5. Ang pagtanggap sa Kanyang pangunguna ay ang tamasahin ang Diyos—Exo. 33:14.

B. Ang lihim ng pamumuhay ng buhay-Kristiyano upang tayo ay maging mga mandaraig ay ang kunin natin ang daan ng pagtatamasa sa Diyos bilang puno ng buhay; hindi ninanais ng Diyos na gumawa tayo ng anumang bagay para sa Kanya; ang Kanyang tanging naisin ay ang ibigay ang Kanyang sarili sa atin bilang pagkain para sa ating katamasahan—Gen. 2:9; Apoc. 2:7.

C. Ating natitikman at nakikita na si Jehovah ay mabuti (Aw. 34:8) sa bahay ng Diyos, ang templo ng Diyos, yaon ay, kay Kristo (Juan 2:19-22), sa ekklesia (1 Tim. 3:15; 1 Cor. 3:16-17; 2 Cor. 6:16), sa ating espiritu (Efe. 2:22), at katapus-tapusan sa Bagong Herusalem (Apoc. 21:22).

D. Dapat nating ibigin ang tirahan ng sambahayan ng Diyos, ang templo, at ang lugar kung saan ang Kanyang kaluwahatian ay nananahan, nananatili, upang maipakita—Aw. 26:8; 84:1; 29:9b; Efe. 3:20-21a.

E. "Isang bagay ang hiningi ko [kay Jehovah]; / Na aking hahanapin: / na ako'y makapanirahan sa bahay [ni Jehovah] / Sa lahat ng mga araw ng aking buhay, / Upang mamasdan ang kagandahan [ni Jehovah], / At sumangguni sa Kanyang templo" (Aw. 27:4); ang bahay ni Jehovah ay ang pinalaki, pansansinukob, dibino-pantaong paglalakip para sa pagpapakita, kasiyahan, at kapahingahan ng Ama (Juan 14:2, 20, 23).

F. Kay Kristo, sa ekklesia, at sa ating espiritu, ay tinatamasa natin "ang natatagpuang Diyos" bilang ang katabaan ng Kanyang bahay upang tigmakan tayo, bilang ilog ng Kanyang mga kaluguran upang pawiin ang ating kauhawan, at bilang bukal ng buhay at liwanag upang pakainin tayo at liwanagan tayo—Aw. 36:8-9.

G. "Pupunta ako sa [altar] ng Diyos, / Sa Diyos na aking malabis na kagalakan; / At pupurihin kita ng alpa, / O Diyos, aking Diyos"—43:4.

H. Sa bahay ng Diyos, ang templo ng Diyos, ay tinatamasa natin ang pagliligtas ng mukha ng Diyos, ang presensiya ng Diyos (42:5), upang Siya ay maging kaligtasan ng ating mukha (b. 11).

**VI. "Mapalad silang naninirahan sa bahay Mo; / na laging umaawit ng pagpupuri sa Iyo. Selah / Mapalad ang mga tao na ang kalakasan ay nasa Iyo, / Na ang mga daan tungo sa Zion ay nasa kanilang puso"—84:4-5:**

A. "Pupurihin ko ang pangalan Mo magpakailanpaman"—145:2b.

B. "Pupurihin ko [si Jehovah] habang ako'y nabubuhay; / Ako'y aawit ng mga papuri sa aking Diyos, habang ako'y may buhay"—146:2.

C. "Ikaw ay banal, [Ikaw na] nakaluklok / Sa mga papuri ng Israel"—22:3.

D. "Sa pamamagitan nga Niya ay maghandog tayong palagi ng hain ng papuri sa Diyos, yaon ay, ang bunga ng mga labi na nagpapahayag ng Kanyang pangalan."—Heb. 13:15; Fil. 2:11.

*© 2022 Living Stream Ministry*